DEPED QUEZON ICT
DOWNLOADED BY:
DATE: TIME:

Subject: Contest Piece for Storytelling - English and Filipino

From: Fe Enguero (fenguero@yahoo.com)

To: antipolo.city@deped.gov.ph; bacoor.city@deped.gov.ph; deped_batscity@yahoo.com; depedbatangas@ymail.com; depedrizal@yahoo.com; divisionofquezon@yahoo.com; depedlipacity@yahoo.com; depedlaguna_2006@yahoo.com; depedcalambadivision@yahoo.com; deped_dasma.division@yahoo.com; depedcavite@yahoo.com; depedlucenacity@ymail.com; depedtanauan@yahoo.com; depededcalambadivision@yahoo.com; sanpablocitydeped@yahoo.com; cavitecitydiv@yahoo.com; cityschoolsdivisionofimus@yahoo.com; ict_starosa@yahoo.com; edwinanabo@yahoo.com; tayabascitydivision@yahoo.com; rowelacaperia@yahoo.com; depedrizal_secondary@yahoo.com; depedrizal_elementary@yahoo.com;

Date: Thursday, October 2, 2014 1:00 PM

To all Kindergarten Coordinators,

In preparation for the Kindergarten Festival of Talents, I'm sending here the contest piece for Storytelling in English and Filipino.

The Legend of the Coconut Tree

Ang Alamat ng Puno ng Niyog

Contest Piece - 2014 Kindergarten Festival of Talents

The Legend of the Coconut Tree

In the old days there was no coconut. But there was a kindhearted family.

The father, Iyog, was a carpenter who built sturdy houses. Whenever a typhoon visited the town, the houses swayed with the wind but they never crumbled.

The mother, Niyang, was seamstress. She could easily weave any material into a fabric. The whole town was impressed with her work.

The couple dearly loved their only child Uko. They were always together, at play or at work, from breakfast till bedtime.

Uko was an industrious and cheerful boy. Each morning he would go to the brook and fetch water for their kitchen. He would also fill the jar of their elderly neighbor. Being helpful was inherent in Iyog's family. Every time a townsfolk was in need of help, it was Iyog's family that was called in first to help.

Because of this, the central district of the town was named after Iyog's family, in appreciation of their kindheartedness. Aside from that, Iyog was chosen as the town chief.

But not all the townspeople were impressed with Iyog's family. There was one who was jealous – the witch Unyang.

"I should be the one reaping admiration because I have powers over everyone else!" she said to herself, overcome with envy. "I can heal the sick!"

"But you always demand a live chicken in exchange for every act of your kindness, Unyang," the gecko clinging to a trunk said.

"That's beside the point. I should be the one lavished with praise. I should be the town chief," Unyang said.

Niyang immediately came to her son's rescue. She had been gathering abaca.

"A-ha, Niyang! I also have something to propose to you," the witch said. "Give me the love you have for other people and I'll give you servants in return. Your hands will no longer suffer from hard work."

"I refuse," Niyang answered. "What are hands for if not for working?" Iyog arrived from gathering firewood. "What are you doing to my wife and son, Unyang?"

"I need your helpfulness, Iyog. Give it to me. In return, I shall give you a house so big you'll never be able to build it even in your dreams."

"We don't need a big house, Unyang," Iyog refused. "We are already contented being together in our small home."

Unyang was enraged. "You'll pay dearly for turning me down!"

As the witch's anger exploded, she spewed out black smoke, a swarm of insects and a blinding red light.

The smoke, the insects and the light enveloped Iyog's family. Slowly, they strangled··· melted··· and crushed each member of the family. The witch laughed heartily. "Now there's no one else to be praised except me!" Unyang shouted at the shocked townspeople.

Everyone was dumbfounded when a tree slowly sprouted from the ground. It grew taller and taller. Leaves like human hands also sprouted. And the tree suddenly bore large round fruits. Utterly amazed, Unyang failed to dodge the fruits as they fell quickly one after the other. She lost consciousness. The townspeople seized the opportunity. They tied up the witch and dumped her far from the town so that she would no longer cause them any harm.

In time, Iyog and Niyang' s tree came to be called "niyog" (coconut). The fruit was called "buko" (young coconut fruit). And the coconut has always been called the "tree of life".

Contest Piece - Kindergarten Festival of Talents

Ang Alamat ng Puno ng Niyog

Noong unang panahon ay wala pang niyog. Pero may isang butihing pamilya.

Ang amang si Iyog ay isang karpintero, gumagawa ng matitibay na bahay. Kahit dumaan ang bagyo, sasabay lang ang mga ito sa ihip ng hangin at hindi nabubuwal.

Ang inang si Niyang ay isang mananahi. Mabilis siyang humabi ng tela mula sa kahit anong material. Hinahangaan ng buong bayan ang kanyang mga gawa.

Mahal na mahal ng mag–asawa ang kanilang nag–iisang anak na si Uko. Laging magkakasama ang pamilya, sa paglalaro o sa pagtatrabaho man, mula almusal hanggang sa pagtulog.

Si Uko ay isang masipag at masayahing bata. Tuwing umaga ay pumupunta siya sa batis upang magsalok ng tubig para sa kanilang kusina. Pati ang tapayan ng kanilang matandang kapitbahay ay pinupuno ng rin niya. Sadyang matulungin ang pamilya ni Iyog kaya kapag may nangangailangan ng tulong sa sinumang taganayon, sila ang unang tinatawag.

Dahil dito, ang sentro ng bayan ay ipinangalan sa pamilya ni Iyog bilang papuri sa kanilang kabutihan. Bukod doon, si Iyog din ang ginawang pinuno ng nayon.

Pero hindi lahat ng taganayon ay natutuwa sa pamilya ni Iyog. May isang naiinggit - ang mangkukulam na si Unyang.

"Ako ang dapat hangaan dahil ako ang may kapangyarihan sa lahat!" naninibughong wika niya sa sarili. " Kayang - kaya kong magpagaling ng maysakit."

"Pero ang pagtulong mo' y laging may kabayarang buhay na manok, Unyang," wika ng tukong nakakapit sa puno.

"Maski na! Ako pa rin ang dapat papurihan. Ako dapat ang maging pinuno ng nayon!" ani Unyang.

"Paano mangyayari iyon? Hindi mo makukuha ang loob ng mga taganayon. Ang hinahangaan nila kina Iyog, NIyang at Uko ay ang kanilang kabaitan, hindi ang bagsik na taglay mo," pintas ng palakang patalun-talon.

"Imposibleng bumait ka. Ang kabutihan ay nanggagaling sa kalooban, at wala ka niyon," tukso ng ahas na pinagnanasaan ang manok na nasa sirang hawla.

"Kung gano' n, kukunin ko ang kabutihan nila at gagawin kong akin. HIhigupin at lulunukin ko," wika ni Unyang.

"Tingnan natin. Alam mong dapat ay kusang-loob na ipagkaloob ng pamilya ni Iyog sa iyo ang kabaitang iyon," sabi ng madulas na bubuli na bigla na lamang lumitaw sa batuhan.

"Mukhang mahihirapan ka, Unyang!"

At sabay-sabay na tumawa ang mga malalansang nilikhang nakatira sa kuweba ng mangkukulam.

"Tumahimik Kayo! Kung hindi ay gagawin ko kayong almusal ko!" Kanya-kanyang pulasan sa mga suluk-sulok ang mga hayop.

Pauwi na si Uko mula sa pagsalok ng tubig sa batis nang biglang lumitaw sa kanyang daraanan si Unyang. Nagulat siya nang makita niya ang dambuhalang mangkukulam.

"Kapalit ng iyong kasipagan ay ibibigay ko sa iyo ang lahat ng tubig na kailangan mo. Hindi na kailangang magsalok ka pa, isang hiling mo lang ay kusang lalapit na sa iyo ang tubig," tukso ng mangkukulam.

Sa sobrang takot ay napasigaw si Uko. "Ayoko po! Ayoko po!

Mabilis na sinaklolohan ni Niyang ang anak. "Aha, Niyang! Mayroon din akong iaalok sa iyo," wika ng mangkukulam. "Ibigay mo sa akin ang pagiging

mapagmahal mo sa kapwa at papalitan ko ng mga tagasilbi. Ang mga kamay mo ay hindi na makakaranas uli ng mabibigat na gawain."

"Hindi ako papayag," sagot ni Niyang. Ano ang silbi ng mga kamay kung hindi gagamitin sa paggawa?" Dumating si Iyog mula sa pangangahoy. "Ano ang ginagawa mo sa aking mag-ina, Unyang?"

"Kailangan ko ang pagiging matulungin mo, Iyog. Ibigay mo sa akin kapalit niyon ay bibigyan kita ng malaking-malaking bahay na kahit sa panaginip ay hindi mo kayang gawin."

"Hindi naming kailangan ang malaking bahay, Unyang," tanggi ni Iyog. "Masaya na kaming sama-sama sa aming munting tahanan.

Nagpupuyos ang kalooban ni Unyang. "Pagbabayaran ninyo ang pagtanggi nyo sa akin!

Kasabay ng pagsiklab ng galit ng mangkukulan ay bumuga siya ng maitin na usok, mga insekto at nakasisilaw na pulang liwanang.

Binalot ng mga iyon ang mag-anak ni Iyog. Unti-unting sinakal... tinunaw... at dinurog ... ang bawat isa. Humalakhak ang mangkukulam. 'Ngayon ay wala nang ibang papupurihan kundi ako na lamang!" Sigaw ni Unyang sa mg nabiglang taganayon.

Nagtaka ang lahat nang mula sa lupa ay unti-unting umusbong ang isang puno. Tumaas iyon ng tumaas. Umusbong din ang mga dahon na tila mga kamay. Bigla itong namunga ng korteng bilog na malalaki. Sa labis na pagkamangha ay hindi na nagawang ilagan ni Unyang ang sunod-sunod na pagbagsak ng mga bunga Nawala siya ng malay, itinali ng mga taga nayon si Unyang at itinapon sa malayong lugar upang hindi na makagambalang muli. Mula noon tinawag na Niyog ang puno bilang pag-alaala sa ulirang pamilya ni Iyog, Niyang at Uko na patuloy na nakatutulong sa mga tao, kaya tinawag itong puno ng buhay.